Noong Mayo 1995, nilagdaan ng Gobernador ang mga bagong ipinag-uutos ng Compulsory School Attendance law (batas para sa Sapilitang Pagpasok sa Paaralan) na may mailawanag na hangarin para sa mga mag-aaral, mga magulang, at Paaralang Distrito para maibalik ang nagbubulakbol na mag-aaral sa paaralan. Sa pamamagitan ng magkaugnay na pagsisikap, ang regular na pagpasok sa paaralan ay makakamit at ang mga isyu na may kinalaman sa pagbubulakbol ay mapipigilan.

Ang isang malinaw na buong Distritong patakaran sa pagpasok ay nakalagay. Ang mga mag-aaral, mga magulang, at ang paaralan ay kailangan na magtulungan ng maiwasto ang anumang suliranin sa pagbubulakbol na nararanasan ng mag-aaral.

- Ang mga mag-aaral ay hindi natututo kung sila ay hindi pumapasok sa paaralan. Hindi nila nakukuha ang mahahalagang pag-aaral para maunawaan ang mahalagang kosepto at hindi nila natatapos ang mga gawain.

- Ang mga paaralan at mga magulang/tagapag-alaga ay may parehong responsibilidad na siguraduhin na ang mag-aral ay pumasok sa klase maliban kung may sapat na dahilan para hindi gawin ito.

- Ang mga paaralan ay dapat na maagang gumawa ng paraan kung ang mag-aaral ay lumiban ng hindi makatwiran.

- Ang sistema ng korte ay pinakahuli, ngunit kailangan, na hakbang para maibalik ang ilang mag-aaral na nagbulakbol sa regular na pagpasok sa klase. Ang gawain ng korte ay maaaring laban sa mga magulang o tagapag-alaga kung nakita ng korte na sila ang sanhi ng mga pagliban ng hindi makatwiran ng mag-aaral.

Maaari mong pasabihan ang paaralan ng inyong anak tungkol sa pagliban ng anak sa pamamagitan ng telepono o sa pagsulat. Tandaan na dapat may kasamang dahilan kung bakit liliban ang inyong anak sa pagtawag o sa sulat.

Ang Batas sa Sapilitang Pagpasok ay para sa:

Mga Mag-aaral sa pagitan ng gulang na 8 at wala pang 18, pati na ang 6 at 7 taong gulang na pumapasok sa isang pampublikong paaralang programa, maliban sa:

- Hindi makakapasok dahil sa medikal o mental na dahilan.
- 16 at pataas, at regular na nagtatrabaho ng may pahintulot ng magulang/tagapag-alaga kapalit ng pagpasok sa paaralan.
- Nakamit ang mga kailangan sa pag-aaral (GED, o ibang paraan na maaaring tanggapin ng Superintendente)

Ang mga bata na nakitang lumabag sa Compulsory Attendance na batas ay maaaring sumailalim sa isang petisyon sa pagbubulakbol sa Superior Court. Maaaring mag-utos ang Korte sa anak na pumasok sa paaralan, at kung ang anak ay lumabag sa pag-uutos ng Korte, maaaring gawin ng korte ang anumang hakbang na kailangan para masiguro ang pagsunod at regular na pagpasok sa paaralan. Ito ay kinabibilangan ng serbisyo sa pamayanan o makulong sa Juvenile Detention Facility.

Ang mga paaralan ay inuutusan na:

- **Kunin ang araw-araw na lista ng pagpasok at abisuhan ang mga magulang/tagapag-alaga pagkatapos ng una at pangalawang pagliban ng hindi makatwiran.**

- **Magtakda ng pulong para makausap ang mag-aaral at magulang para mapag-usapan ang pagbubulakbol pagkatapos ng 2 o mahigit pang pagliban ng hindi makatwiran**

- **Gumawa ng mga hakbang para maitama ang suliranin sa pagsisikap na malaman kung bakit ang anak ay hindi pumapasok at makagawa ng plano ng masiguro na ang inyong anak ay palaging pumapasok.**

- **Magpetisyon para sa pagbubulakbol sa Superior Court kung ang anak ay may 7 araw ng nagbubulakbol sa isang buwan, o 10 araw na nagbubulakbol sa isang taon ng pasok.**

Ang mga paaralan na hindi sumunod sa batas ng Compulsory Attendance ay maaaring mawalan ng pera o tulong.

Ang mga magulang ay inaatasan na ang kanilang nasa-gulang na mga anak ay pumasok sa isang programa na pang-edukasyon at gumawa ng mga hakbang ng masiguro na palaging pumasok araw-araw sa paaralan.

Ang mga magulang o tagapag-alaga na hindi makasunod sa batas ng Compulsory Attendance ay maaaring isailalim sa petisyon sa pagbubulakbol sa Superior Court. Ang mga magulang ay maaaring magmulta ng hanggang $25.00 bawat araw para sa araw na lumiban ang anak ng walang dahilan.

Ang karagdagang parusa na ipapataw ng Korte ay maaaring kabilangan ng serbisyo sa pamayanan para sa magulang o tagapag-alaga ng anak .

Ang sumusunod na kahulugan ng Distrito sa makatwiran at hindi makatwirang pagliban ay para sa mga mag-aaral sa lahat ng gulang:

Mga Makatwirang Pagliban:

- Mga hindi nakaplanong pagliban ay makatwiran kung ang inyong anak ay may sakit o kapansanan, o may sakit, kapansanan o namatay ang isang kapamilya, ay humahadlang sa pagpasok ng anak, at inabisuhan ang paaralan ng hanggang 48 oras pagkatapos ng pagliban. Maaaring humingi ang paaralan ng sulat mula sa doktor ng anak kung ang anak ay lumiban dahil sa sakit o kapansanan para sa maraming araw bago patawarin ang mga pagliban.

- Mga nakaplanong pagliban ay makatwiran kung nagbigay ng kahilingan sa punong-guro o katulong na punong-guro ng hindi bababa ng tatlong araw ng pasok bago magsimula ng nakaplanong pagliban, karaniwan para sa pagbibiyahe ng pamilya, tipanan sa doktor o dentista, araw ng pananampalataya o ibang espesyal na minsanang pangyayari. Maaaring hingan ng paaralan ang inyong anak na kumpletuhin ang mga hindi nagawang gawain at/o gumawa ng ibang gawain sa pag-aaral para sa mahabang pagliban.

- Ang mga pagliban dahil sa panandaliang disiplina ng inyong anak ay makatwiran sa mga listahan ng pagpasok ng Distrito.

Mga Hindi Makatwirang Pagliban:

- Ang lahat ng iba pang pagliban ay hindi makatwiran, na kinabibilangan ng pagliban sa dahilan na ang mag-aaral o magulang ay hindi nagising, naiwan ng bus ang mag-aaral, mga suliranin sa transportasyon, ang mag-aaral

ay kailangan sa pag-aalaga, mga kinakailangan sa pagtatrabaho, pagtuturo ng pananampalataya, atbp.

- Mga pagliban ng mag-aaral na sinuspindi ng pangmatagalan at pinatalsik na may lugar sa programa ng reentry, ngunit hindi nagpalista at pumasok, ay hindi makatwiran.

- Ang kahilingan ng magulang na "maging makatwiran ang pagliban" ng walang nasabing dahilan o na may dahilan na hindi nakapasa sa pamantayan sa itaas para sa hindi makatwirang pagliban ay magbibigay sa pagliban ng anak na hindi makatwiran.

Ang batas ng Compulsory Attendance ay nagtatakda sa Distrito na maghain ng petisyon sa Juvenile Court para sa lahat mag-aaral na may pito (7) o mahigit pang hindi makatwirang pagliban sa isang buwan o sampu (10) o mahigit pang hindi makatwirang pagliban sa isang taon ng pasok. Ang petisyon ay humihingi na mapilit na pumasok ang anak sa paaralan.

Kung ang petisyon ay naisampa, ang korte ay maaaring magtakda ng araw at oras para sa pagdinig at nag-uutos na ikaw at ang inyong anak ay pumunta. Ang korte ay maaaring, sa ilang pagkakataon, ay mag-utos na ikaw at ang inyong anak ay dumalo sa Workshop sa Pagbubulakbol (klase) bago ang pagdinig ng korte. Ang korte ay maaari rin na humingi ng karagdagang interbesyon bago sa pagtatakda ng pagdinig.

Kapag ang pagdinig ng korte ay nangyari na at ang utos ng korte ay naibigay sa anak at/o magulang/tagapag-alaga, ang Distrito ay inaatasan na mag-ulat ng karagdagang hindi makatwirang pagliban sa korte. Ang korte ay maaari ng gumawa ng pagdinig ng malaman kung ikaw o ang inyong anak ay sinadyang lumabag sa utos ng korte na pumasok sa paaralan. Kung ito ay nangyari, ang inyong anak ay bibigyan ng abugado na kakatawan sa kanya sa anumang pagdinig tungkol sa paglabag sa utos ng korte

Kagaya ng nauna, ang korte ay maaaring gumawa ng anumang hakbang na kinakailangan ng masiguro na palaging pumasok ang anak sa paaralan.

Ang susi sa anuman/lahat ng gawain ng korte ay nakasalalay sa pagpasok ng inyong anak. Para matulungan kayo ng paaralan na maitama ang gawain sa pagbubulakbol, ang inyong tulong ay kailangan. Kung tinawagan ka ng paaralan ng inyong anak, humihingi kami ng tulong na makagawa ng pangkat na nakatuon sa mga kailangan sa tagumpay sa pag-aaral ng inyong anak.

Sumagot sa abiso ng paaralan sa tamang panahon. Ang mga mag-aaral sa programa ng sekundaryang pag-aaral ay maaaring mawalan ng kredito sa kanilang klase pagkatapos ng 10 pagliban, kahit na makatwiran o hindi. Sa maagang interbesyon, ang pagbubulakbol ay maitatama at matutulungan ang pagtatagumpay sa pag-aaral.

Kung kayo ay may katanungan tungkol sa takda ng pagpasok ng inyong anak, o kailangan ng takda sa pag-unlad sa pag-aaral ng inyong anak, paki tawagan ang paaralan ng inyong anak.

Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga isyu sa pagbubulakbol, o kung ikaw ay nakatanggap ng kopya ng petisyon sa pagbubulakbol na isinampa ng Opisina ng Pagbubulakbol at may mga tanong tungkol sa petisyon o sa proseso ng korte, paki tawagan ang kawani ng Opisina ng Pagbubulakbol sa 252-0825.

Ang administrador ng paaralan ng inyong anak o ang Opisina ng Pagbubulakbol ay maaari rin na magbibigay ng karagdagang impormasyon na matulungan kayo kung kayo ay may suliranin sa inyong anak na mahigit pa sa isyu ng pagpasok sa paaralan.

PATAKARAN

Ang Seattle Public Schools ay nagbibigay ng Pantay na Pagkakataon sa Pag-aaral ng walang patungkol sa lahi, pananampalataya, kulay, bayang pinanggalingan, kasarian, kapansanan/disabilidad, pagkakilanlan ng kasarian. Ang Seattle Public Schools ay isang Pantay na Pagkakataon sa Hanapbuhay at nagpapatrabaho ng mga tauhan ng walang patungkol sa lahi, pananampalataya, kulay, bayang pinanggalingan, gulang, kasarian, katayuan kung may asawa o wala, kapansanan/disabilidad, oryentasyon sekswal.

Ang Seattle Public Schools ay sumusunod sa lahat ng nababagay na batas at ng Estado at Pederal na kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, Titulo VI, Titulo VII Titulo IX, ng Civil Rights Act, ang Americans with Disabilities Act (ADA) RCW 49.60 "Law Against Discrimination, Section 504 of the Rehabilitation Act at RCW 28ª.640 "Pagpapantay ng Babae at Lalaki" at sumasaklaw, ngunit hindi limitado sa, lahat ng programa ng Distrito, mga kurso, mga gawain, kasama na ang mga extra-kurrikular na gawain, mga serbisyo, makadaan sa lugar, at iba pa.

Ang Titulo IX na Opisyal at ang Tagapangasiwa ng 504 ay may pangkalahatang pananagutan para maimonitor, mag-odit, at masiguro na sumusunod sa patakarang ito ay: Manager, Office of Equity and Compliance, MS 33-157, P.O. Box 34165, Seattle, Washington 98124-1165. Ang mga indibidwal na naniniwala na sila ay inapi laban sa alinmang pang-edukasyonal sa Seattle Public Schools o mga gawaing sa trabaho ay maaring magharap ng sakdal ng reklamo sa panloob na pang-aapi sa Office of Equity and Compliance ng Seattle Public Schools.

TAGALOG

SEATTLE PUBLIC SCHOOLS

Seattle School District

"Becca Bill"

Pagpapatupad ng Washington State's Compulsory Attendance Law (Batas ng Sapilitang Pagpasok ng Estado ng Washington) (28A.225 RCW)

Lupon ng Paaralang Seattle

Cheryl Chow
Michael DeBell
Mary Bass
Sherry Carr
Peter Maier
Harium Martin-Morris
Steve Sundquist

Maria L. Goodloe-Johnson, PhD
Superintendente